Tunay na ang Panginoon ninyo ay mahiyain, mapagbigay, na nahihiya sa lingkod Niya, kapag nag-angat ito ng dalawang kamay nito sa Kanya, na magbigay sa dalawang ito ng wala."}

Ayon kay Salmān (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang Panginoon ninyo ay mahiyain, mapagbigay, na nahihiya sa lingkod Niya, kapag nag-angat ito ng dalawang kamay nito sa Kanya, na magbigay sa dalawang ito ng wala."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Ibnu Mājah]

Humihimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-angat ng mga kamay sa sandali ng pagdalangin. Nagpabatid siya na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay "mahiyain" na madalas ang pagkahiya. Hindi nagwawaksi si Allāh ng pagbibigay. Gumagawa Siya sa tao ng nagpapagalak dito at nagwawaksi Siya ng nakapipinsala rito. Siya ay "mapagbigay" na nagbibigay nang walang paghingi, kaya papaano na matapos manghingi? Nahihiya Siya sa lingkod Niyang mananampalataya na matapos mag-angat sa panalangin ng dalawang kamay nito na magbalik ng dalawang ito na bakante, walang-laman, bigo sa pagkatugon dito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5499